# Rebyu ng "Anti-IATField at iba pang dagling rebyu"


Tilde Acuña

Pasakalye: Bahagi ang mga piyesa rito sa balak na proyektong may tentatibong pamagat na *Mga Lazadagli sa Shopee*, ang kinahantungan ng problematisasyon ng awtor sa pagturing bilang "coping mechanism" (o mas malala, "eskapismo") sa anumang pagtangkilik ng merch at/o mga bagay na may kinalaman sa kulturang popular dahil "play" ito o "fun" para sa sarili, imbis na seryosong "work" para sa sangkatauhan—partikular ang mga laro (games!), laruan (toys!), anime (cartoons!), at iba pang komoditi (kakacomputer mo 'yan!). Sa kabila ng di-maitatangging pagkakagapos ng produksiyon at konsumpsyon sa kapitalismo dahil ang lahat ng masasakmal ng Kapital ay pinanghihimasukan nito, sinisikap ng mga sampol na interbensyong textual na nasa set na ito na maglamat, limitado man (kundi nakapagpapalawak pa nga sa saklaw at marketisasyon, at kung gayo'y mas malala?), sa interface mismo ng aktuwal na apps ng konsumerismo (partikular sa Shopee at Lazada; mas sa una dahil mas gagap ng awtor kahit papaano ang "gaming" ng sistema ng cashback at coins nito). Maipapalagay na piyesang "installation" at literal na "site-specific" ang mga prosang itong aminadong "niche" ang target na mambabasa, lalo at sumasangguni sa mga partikular na serye; bunsod ng ganitong mga katangian ng produktong nirerebyu at ng estrukturang "naglalathala" ng rebyu, nagpasyang panatilihin hangga't maaari ang mga screenshot nang halos walang edit (sa imahen man o sa

texto) at walang anumang dagdag maliban sa pamagat at cropping—upang magsilbi ring dokumentasyon ng espesipikong mga sandali. Nagsimula bilang espontaneong pag-aliw sa sarili ang mga "dagling rebyu," pero sa kalaunan kinonsiderang isailalim sa kurasyon at ipinepresenta rito bilang sabayang kritikal at kahit papaano'y pampanitikang pagsusuri, gaano man ka-indirekta, sa lipunang Pilipinong sadlak pa rin ngayon hindi lang sa pandemya kundi sa patindi nang patinding pasismo at karahasang tema rin ng mga palabas na pinaghalawan ng mga aytem na binibili, binebenta, at pinoproblema ng awtor-antolohista. Upang maisakatuparan at mapalampas pa sa fanbase ang kritikal na interbensiyong ito, idinagdag sa dulo ang "rebyu ng mga dagling rebyu" na introduksiyon at gabay sa 'ika nga'y "uninitiated." Mga talang pansarili na rin ito, subalit ibinabahagi rito sa pagbabaka-sakaling hinggil din ang mga personal na reklamo sa mga ekonomiko-politikal na mga kaganapang pambansa ang saklaw.





Les Enfants Terribles:
Sinanju Stein atbp




Packed shirt: Voltes V atbp





Unbox, unfold:
Gouf atbp





Unbox, unfold:
Gouf atbp





Spiral: Gurren Lagann




IATField: Eva Unit-02




The NERV:
Eva Unit-01




Anti-IATField:
Eva Unit-00

## Rebyu ng mga dagling rebyu

(Tala: Lahat ng mga hyperlink ay tungo sa mga artikulo sa tabloid na *Abante TNT*)

***Les Enfantes Terribles* at introduksyon sa ilang linya ng Bandai**. Ayon sa "Ejercito sa korapsyon sa PhilHealth: Mga hayop!":

> Noong Martes [Agosto 4], binunyag ng nagbitiw na dating PhilHealth anti-fraud legal officer na si Atty. Thorsson Montes Keith na halos P15 bilyon ang napunta sa bulsa ng tinawag niyang 'mafia' sa ahensiya.

Ilang Bandai model kits ang mabibili ng 15B? Ilang gadget para sa online classes? Ano pa bang ibang tumbasan? Sabi ng post sa IG, labing-isang araw raw ang sangmilyong segundo at tatlumpu't dalawang taon ang sambilyon. Baka nga hindi na model kit kundi aktuwal na Gundam na ang makomisyon upang ipagtanggol ang ating teritoryo. Tinatawag na "candy toys" ang linyang FW Gundam Converge (FWGC). Baka raw para makabawas ng tax dahil Bandai gum ang ibinebenta at "freebie" lang ang FWGC kits. SD o "super-deformed" ang mga ito; ibig sabihin, mas malaki ang ulo kaysa katawan: pormula ng proporsyong "cute." FGWC lang ang mula sa uniberso ng Gundam na nasa set ng mga rebyung ito, dahil nasa ibang set ang mas sikat na mga linya ng Bandai: SDCS (SD cross silhouette) na mas malaki kaysa FWGC, High Grade (HG) 1/144 scale, Real Grade (RG) 1/144, Non-Grade (NG) 1/100, at Master Grade (MG) 1/100; hindi tulad ng FWGC na halos handa na para i-display matapos bilihin dahil halos buo na, lahat ng nabanggit na scaled model kit ay kailangan i-assemble. Humigit-kumulang lima lang ang bahagi ng buong FGWC (parang pagluto at pagkain ng adobo o sinigang upang ipamalas ang Pinoy pride), at daan hanggang libo ang bahaging bumubuo sa scaled model kit (parang masalimuot na destruksiyon-konstruksiyon ng nasyong Pilipino).

***Packed shirt* at mga dambuhalang pinaliit**. Ayon sa "'Sinas' dumalo sa grand mañanita":

> Tinawag na 'grand mañanita' ang protesta ngayong Biyernes [Hunyo 12] bilang pagpitik sa nangyaring mass gathering sa kaarawan ni [Debold] Sinas, ngunit nakaupo pa rin ito ngayon sa pwesto bilang Metro Manila police chief habang may mga kasong nakasampa laban dito.

May *Voltes V* cake ang mahiyaing hepe ng pulisya, at kumalat ang mga litrato sa social media. Pina-ban naman ni Marcos ang *Voltes V* sa ilalim ng Martial Law niya. Interesanteng ang ipinalagay ng ilang akademikong batang '90s bilang "Asian pride" ng pasistang emperyong Hapon noong kontra kasamaang Kanluranin (blonde ang antagonistang emperyong Boazanian) ay binasa noon ng pasistang rehimeng kayumanggi bilang pagtuligsa sa diktadura niya. Identity politics. May ganitong tema rin, bagama't hindi estriktong "super robot" ang *Ultraman* na sikat din noong '90s at ang di-pa-tapos ngayong *Attack on Titan*. May kakanyahan ang mga palabas na ito pero komon sa naratibo ng tatlo ang pagkakaroon ng bantang "external" habang nireresolba ang mga kontradiksiyong internal na nakakaapekto sa pakikihamok sa mga mapanghimasok na Boazanian, Kaiju, o Titan. Kaya na iyang i-kunek. Naikukunek talaga ang hindi naman kunektadong dots dahil ang *Voltes V*, *Ultraman*, *Attack on Titan*, at *Gundam* (itong huli ay iba-iba pa ang timeline) ay nagtatagpo sa shelf o kuwarto ng konsyumer o kulektor, gayong magkakahiwalay ang diegetiko nilang daigdig.

***Unpack, unfold* at introduksiyon sa ilang linya at timeline ng Bandai**. Ayon sa "Doctor group: Itigil na Duterte-style lockdown":

> Saad ng grupong Second Opinion, nararapat na 'medical quarantine' ang ipatupad sa bansa, kung saan ang medical community ang mamumuno kung saan may klarong health goal.

Simplehan natin: May silbi (dapat) ang bawat propesyon. Taga-aresto ng kriminal ang pulis (pagtiyak sa internal at kaayusang pambansa), taga-depensa ang sundalo (pagtiyak sa external at soberanya), taga-gamot ng maysakit ang doktor. Iba sa atin. Makailang-ulit na nating nabalitaang may konsiderasyon ang pulis sa mayayamang kriminal, may pangangatwiran ang sundalo sa pandarambong ng mga dayuhang korporasyon sa likas nating yaman, may ilang MDDS na gumagamit ng mga terminong medikal para manlito imbis na maglinaw. May kakanyahan din ang linya ng bawat model kit kaya may inaasahan sa mga ito. Parehong 1/144 scale ang HG at RG, pero mas pirmi (stable) at mura ang una kaysa sa huling maselan (fragile) at mahal. Bagama't parehong 1/100 scale ang NG at MG, api ang una dahil ipinapalagay na pinalaking HG lang itong may "weight issues" kaya problema nito ang stability balang-araw; samantala, matibay at detalyado ang MG, pero minsa'y nasasapawan pa rin ng RG kung ganda ng anyo (inner frame at outer surface detail) ang usapin. Baka nga mas komplikado pa ang kategorisasyon ng mga model kit kaysa hanggahan ng mga propesyon. Kung bakit ba ang solusyong absoluto ng rehimen maging sa suliraning medikal ay militar? Isang crossover na hindi kailangan lalo at hindi nga crossover, kundi mas takeover. Bukod sa linya (SD, HG, RG, NG, MG), iba't iba rin ang timeline ng unibersong Gundam. Kahit pinaka-dominante at -mahaba ang klasikong timeline ng Universal Century (mas maraming serye kaya mas maraming model kit), hindi ito nanghihimasok sa ibang timeline—bagama't, tulad ng nabanggit, nagtatagpo ang mga ito sa realidad ng kulektor.

***Spiral* at mga pagkakaiba**. Ayon sa "Labi ni Randy Echanis sapilitang kinuha ng pulis—balo":

> Bandang alas-onse ng gabi, lahad ni Erlinda, higit 10 tauhan ng La Loma pulis ang puwersahang kinuha ang bangkay, na ibabalik

> umano sa Pink Petal Funeral Homes sa La Loma, Quezon City sa ilalim ng police custody.

Ma-red-tag man, kailangang panindigang nasa magkabilang dulo at antagonistiko ang pasismo sa komunismo—kahit ilang ulit ipagpapareho ito ng ilang liberal at sosyal-demokrata. Sa *A Rustling of Leaves* (1988), pelikula ni Nettie Wild, matingkad ang pagkakaiba ng hukumang bayan sa mga sonang gerilya sa Korte Suprema ng Pilipinas; ilang sanggunian pa ang makapagpapakita sa makataong turing ng mga NPA sa combatant na naging POW o prisoner-of-war. Taliwas sa makahayop na trato ng mga puwersa ng estado sa non-combatant, tulad ni Echanis. Kauna-unawa ang kalituhan dahil hindi lang mga dilawan (hindi imbento ng DDS ang dilawan; totoong nariyan pa sila), maging mga pasista tulad ni Hitler, Marcos, at Duterte ay nananawagan ng "rebolusyon" upang bigyang-katwiran ang kanilang diktadura. Baka mas magkapareho pa ang liberalismo at pasismo, tulad ng Shopee at Lazada—na sa surface o interface lang magkaiba. Mahirap itumbas ang mga ismo sa mga shopping app. Pansinin sa rebyung dagling sa itaas na walang petsa sa Lazada (imbis na Agosto 13, durasyon ang nakadeklara: "5 hours ago") at maaaring magkomento ang ibang mamimili; walang interaksiyon sa kapwa mamimili sa Shopee, pero mas mapagbigay ang cashback at coins system nito. Mas liberal ba ang Lazada? Pasista ang Shopee? O both, Satanas?

***IATField* at dagdag pang pagkakaiba**. Ayon sa "Metro Manila may unified curfew na—IATF spox":

> Mula alas-otso ng gabi hanggang alas-singko ng umaga ang unified curfew sa Metro Manila. Sabi ito sa CNN Philippines ni Inter-Agency Task Force (IATF) on Emerging Infectious Diseases spokesperson Harry Roque ngayong Miyerkoles. Ngayong araw, Agosto 19, epektibo na ang pagluluwag ng quarantine status sa Metro Manila, Bulacan, Cavite, Laguna, at Rizal.

Baka nakakalito tulad ng HG, RG, NG, at MG ang GCQ, MECQ, atbp. pero iisa ang layunin. Kung nais makabenta ng Bandai sa pinakamaraming tagakonsumo upang makapagpatuloy ang kumikitang kabuhayan, nais naman ng pasistang rehimen na makalusot at makapandambong pa nang "mapayapa" habang marahas na hinahadlangan ang nakikinitang mga puwersang kokontra—ang dinarambong nilang mamamayan. May AT (absolute terror) Field ang mga anghel na antagonista sa Neon Genesis Evangelion (NGE), at ang NX Edge Style (isa uling linya ng Bandai) na Eva-02 na ito ay may ganoong effect part. Spoiler na hindi lang anghel kundi bawat nilalang, ayon sa NGE, ay may AT Field na makakansela at o mapaguguho lang ng mas malakas na AT Field o ng konsentradong enerhiya tulad ng positron cannon at sandatang espesyal tulad ng sibat ni Longinus.

***The NERV* at pagkakagiba**. Wala nang tangkang sumangguni dito ng artikulo sa tabloid at sa huling aytem. Ginasgas na rin ang mga pun na mahahalaw sa "course pack" dahil nirerebisa ko itong piyesa habang nagrerebisa at nagdadraft ng course pack—pero dahil eskapismong walang tunay na kawala ang piyesang ito, naiuugnay pa rin sa lipunang Pilipino lalo na dahil sa pagpapa-Satanas sa Shopee, dalawang ulit lamang akong nabigo: (1) sa pagbili ng face mask (pambata ang ipinadala); at (2) ng bootleg kit (kulang ng mga bahagi). Sa parehong pagkakataon, alam ko nang sugal dahil ayon sa ilang rebyu, "wrong" o "damaged" ang aytem. Iilan ang mga 1-star rebyung itong masasapawan ng libong 5-star rebyu ng seller. Krisis ng seller na "lehitimo", lumalaki ang ulo, kaya mababa ang "response rate" at astang celebrity. Sa parehong pagkakataon, mahirap hindi isiping opisyal ba ng gobyerno ang kausap, dahil iba sa itinatanong ang isinasagot—with impunity. Saktong E1 runner ang kulang sa third-party Eva-01 at may reperensiya ang NERV sa NGE (mangyaring i-google pero hindi garantisadong nakakatawa ang joke).

***Anti-IATField*** **at separasyon**. Kung sa "cancel culture" isyu kung gusto mo ang akda ng gagong awtor, dito baka usapin kung hindi benta sa iyo ang naratibo at ideolohikal kung-ano-ano ng serye pero binibili ang mga model kit? Sinikap kong panoorin ang ilang seryeng Gundam (mas popular ang mga ito kaya mas maraming merch), pero kundi nakakaantok, nakakaasar ang wala-sa-lugar na angas ng mga bidang pilotong tagapagpaganap ng ambisyong mala-imperyalista. Laging may dikotomiya ng mga "nababagahe ng grabedad," 'ika nga ng Neo Zeon na nagrerebelde kontra Earth Federation na sentral na namamahala mula sa Mundo; kumbaga spacenoids vs. earthnoids na tila, simplistiko mang pahayag, pasismo vs. neoliberalismo—na para bang iyon lang ang pagpipilian. Pula ang kulay ng antagonistang Char Aznable at "Sieg Zeon!" ang chant; epitomiya ng kalayaan ang mga piloto ng bidang Gundam. Eva-00 ang huling aytem, pero reperensiya sa Gurren Lagann ang kongklusyon ng set. Wakasan natin sa trivia (na mala-spoiler, so heto: alert) bilang pagpupugay sa pinakapaboritong seryeng mecha na siya ring pinakamasaya (masyadong seryoso ang mga unibersong Gundam at NGE) at pinaka-hebigat: dalawampung metro ang average na taas ng mga mobile suite sa unibersong Gundam, apatnapu ang Eva sa TV, at walumpu sa sinematikong bersiyon. Ang Tengen Toppa Gurren Lagann? Mga sampung libong light years lang naman kaya may grabedad.